

ANNEX F

PAMPUBLIKONG IMPORMASYON UKOL SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO

PANUKALA PARA SA DIREKTANG PAGGAMIT BILANG PAGKAIN, PAKAIN SA HAYOP, O PARA SA PAGPOPROSESO [MS8 Canola]

1. Pangalan ng Aplikante: Bayer CropScience, Inc.
2. Address ng Aplikante: 3/F Bayer House, Canlubang Industrial Estate
Calamba, Laguna
3. Telepono/Facsimile/E-mail Address ng Aplikante:
Tel: +63 2 226 4888
Fax: +63 3 450 5474
celsa.quimio@bayer.com
4. Pangalan ng Kaukulang Opisyal/Awtorisadong Kinatawan: Recher E. Ondap/Celsa A. Quimio
5. Deskripsyon ng Artikulo para sa Direktang Paggamit:
Taglay ng MS8 canola ang protinang PAT, base sa *bar* gene mula sa *Streptomyces hygroscopicus*, na nagbibigay tibay na kayanin ang pamuksang-damo na glufosinate ammonium at Barnase enzyme, base sa *barnase* gene mula sa *Bacillus amyloliquefaciens*, na nagbibigay taglay ng male sterility.
6. Bansang Pagmumulan ng MS8: Estados Unidos at Canada
7. Maikling Buod ng Potensyal na Epekto sa Kalusugan ng Tao at Hayop at sa Kalikasan
Masusing mga pagsusuri ang nagpapatunay na ang MS8 canola ay hindi nagtataglay ng anumang panganib sa tao, sa hayop at sa kalikasan. Ang MS8 ay male sterile kaya wala itong kakayahang mamunga o maglabas ng anumang produktong maaring gamiting pagkain o pakain sa hayop maliban kung ito ay itatambal sa isang fertility restorer canola. Dagdag nito, ang Barnase enzyme ay limitadong takda lamang sa anther tapetum ng bulaklak at walang pagkakataong mapahalo ito sa pagkain o pakain sa hayop. Ang protinang PAT ay hindi nagpakita ng indikasyon na ito ay banta sa kalusugan ng tao at hayop at sa kalikasan. Ang PAT ay likas, laganap at naging ligtas sa mahabang panahong pananatili nito sa kapaligiran.
8. Maikling Buod ng mga Potensyal na Benepisyo
Ang taglay na male sterility ng MS8 ay isa sa pinakamahalagang elemento ng hybridisasyon para sigurado at tiyak na ang lahat na binhi na mabubuo nito ay tunay na hybrid. Ang PAT ay nagbibigay tibay na kayanin ang pamuksang-damo na glufosinate ammonium. Samakatuwid, nagbibigay ang MS8 ng dagdag na epektibong alternatibo na maaring mapagpilian ng mga magsasaka sa pagkontrol ng mga nakasisirang damo ng canola partikular sa mga bansa kung saan pinapayagang itanim ito.
9. Mga Bansa na Nakapagbigay na ng Pahintulot Para Gamiting Pagkain o Pakain sa Hayop:
Ang MS8 ay nasuri na at binigyang pahintulot para gamitin bilang pagkain at/o kaya pagkain sa hayop sa Australia/New Zealand, Canada, Tsina, Europa, India, Japan, Korea, Malaysia, Mexico, South Africa, Taiwan at Estados Unidos.

Iniimbitahan ang publiko na magsumite ng kanilang mga komento sa Direktor ng BPI (sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng paglathala) ukol sa panukala para sa direktang paggamit bilang pagkain o pakain sa hayop o para sa pagpoproseso ng MS8.

Director
Bureau of Plant Industry
San Andres, Malate, Manila
Telephone Number: 404-0409
E-Mail bpibiotechsecretariat@yahoo.com

Inaprubahan para lathala: _____
VIVENCIO R. MAMARIL, PhD.
OIC-Director
Bureau of Plant Industry
Date: